# Executive Director ng Stewards Foundation, 1994–2010

*Isinulat ito ni Kevin sa kanyang blog noong Abril 25, 2014, eksaktong dalawampung taon mula nang magsimula siya sa Stewards Foundation, bilang parangal sa kanyang Dad, si Ken Engle.*

Dalawampung taon na ang nakalipas ngayong araw, sinimulan ko ang isang 16 na taong pakikipagsapalaran bilang Executive Director ng Stewards Foundation, na itinatag sa Chicago, Illinois noong 1945, at lumipat sa Wheaton noong dekada 1970. Nakilala ko ang napakaraming mababait na tao mula sa halos lahat ng 50 estado na pinaglingkuran namin. Nang tawagan ako ng Presidente ng board para ialok sa akin ang trabahong “Interim,” tinanong niya, “Gusto mo bang lumipat sa Chicago?” Sabi ko, “Hindi.” (Wala akong laban sa Illinois, sa Chicago o sa Wheaton, pero mahal ko ang Texas, kahit nag-Grade 1 at Grade 2 ako sa Villa Park noong nagtuturo si Dad sa Emmaus.) Tanong niya, “Magko-commute ka ba?” Sabi ko, “Oo.”




Ang ama ni Kevin, si Ken Engle, sa opisina ng Stewards Foundation.

Sa loob ng 15 buwan, tuwing Lunes ay sumasakay ako ng Fokker 100 na jet (90 upuan), at tuwing Biyernes ay sumasakay ako sa kaparehong eroplano pauwi mula Chicago papuntang Dallas. Nagpasya ang board na tanggalin na ang “Interim” sa titulo ko, at lumipat kami ni Cheryl sa Wheaton noong taglagas ng 1995.

Sa unang pagkakataon, at may basbas ng board, inilipat ko ang buong opisina sa Midway Road, Addison, Texas noong 1998, kung saan ito tumakbo hanggang kamakailan, nang lumipat ito sa Dallas. Si Cheryl ang naging office administrative manager sa loob ng 12 taon. Libre siyang nagtrabaho sa unang taon, at pagkatapos ay kinuha siya ng board. Mahal ko ang

pagiging Executive Director. Natuwa ako sa karamihan ng mga naging staff namin, at sa pagpapautang ng milyun-milyon para sa mga bagong assembly at simbahan. Natuwa rin ako sa pamamahala ng $10M na investment portfolio.

Isa pang malaking kagalakan ang makasama sa pagsisikap na maglagay ng 9 na bagong-bagong miyembro ng board (na may bagong pananaw) noong 1991. Nagtagumpay ito, at nagkaroon ng bagong mayorya sa board. Ang mga lalaking naging mentor ko at kasama sa pagsisikap na iyon ay sina Jean Gibson, Dr. Theodore “Ted” Dippy, John W. Brown, William “Bill” Neufeld at Gerald “Jerry” Keller, na lahat ay nasa langit na. Ang asawa kong si Cheryl at ang Dad kong si Ken ang pinakanagpalakas ng loob ko sa mga taong iyon.

Ito na ang pinakamasayang trabahong nagkaroon ako, at umaasa akong balang-araw, sa lalong madaling panahon, magamit ko ang karanasan ko sa isa pang katulad na lugar. Gaya ng anumang trabaho, dumarating ang panahon na tama nang lumipat sa iba, kaya nagbitiw ako noong 2010.

Si Dad ang laging magiging #1 kong bayani. Sa pinakamadilim at pinakamahihirap na araw, tinatawagan niya ako para sabihing ipinapanalangin niya ako, o pinapadalhan niya ako ng sulat sa koreo, o ng nakakatawang cartoon na ginupit niya sa diyaryo o magasin. Nang umuwi na siya sa langit, may nakita akong folder na may mga 20 cartoon at nakakatawang ginupit na hindi na niya naipadala. Lagi niyang iniisip ang iba. Siya ang huwaran ko, at madalas ko siyang naiisip at nakakausap sa loob ng 16 na taong iyon. Salamat, Dad!!

---

© 2014 Kevin Engle. Unang inilathala sa blog ni Kevin, Abril 25, 2014. Isinalin sa Tagalog, 2026.

Basahin online, kasama ang buong kuwento ng Stewards Foundation:
lordgiveusthismountain.netlify.app/thanks-dad.html